Purihin Ang Panginoon Na Nagpapagaling

Sis. Gemma Lazo

Purihin ang Panginoon sa Kanyang pagpapagaling sa akin. I was diagnosed having cervical cancer last January 2010. But it was November up to December my bleeding was started. Hindi na po huminto yung monthly period ko. So nagwo-worry na yung family ko so I decided to have check up.

Because of this I have to take a one month leave , dahil everyday yung treatment ko sa PGH. I undergo cobalt for 33 days, 6 chemos, and last brachy therapy for 3 days. Sabi ko kay God parang napapagod na ako magpagamot dahil everyday you have to wake up 5:00 am at dapat ay nasa PGH na because of chemos and cobalt. Hindi maituloy iyong gamutan dahil bagsak ang dugo ko, twice akong na-confine at nasalinan ako ng anim na bags na dugo dahil nag 87 na yong dugo ko kaya pala hilong hilo na ako. At higit sa lahat ay ang pagtusok ng karayom na talagang masakit, magang maga na ang kamay ko. Ang sabi ko po kay God parang pagod na pagod na ako, lalo nong brachy na nakahiga ka for 3 days dahil may bakal sa puerta mo at doon nilagay yong radiation, naka-cateter din po ako at biscuit lang ang kinain ko dahil ayaw kong madumi dahil kawawa yong nagbabantay sa akin. Nag-request ako sa mga kapatid sa Panginoon, ito ay sila si Pastor Mark, Sister Gi, at ang PVSBC family para ako ay kanilang ipanalangin, kasi talagang nakakangawit po ang nakahiga sa mahabang oras kanya puro prayer ang ginagawa ko kasi bawal ang bumangon.

Sa lahat ng pangyayaring ito ay aking pinagtiwalaan ang Dios, sabi sa Lamentations 3:23-25, “The steadfast love of the Lord never ceases, His mercies never will come to an end, and they are new every morning, new every morning great is Thy faithfulness O Lord.

Ang sabi din po sa Proverbs 3:5-6b, “Trust in the Lord with all your heart and lean not unto your own understanding in all your ways acknowledge Him and He shall direct your paths.

Sa biyaya po ng Panginoon narito ako sa harapan ninyo na pinalakas ng Panginoon, purihin ang Dios!

Patuloy nyo po ako ipanalangin,hindi pa po tapos ang pakikipaglaban ko sa sakit kong cancer 5 to 7 years pa para masabi akong survivor, up to now I undergo check up monthly. Pero sabi sa paborito kong kanta “Trust and obey for there’s no other other way to be happy in Jesus but to trust and obey.”

I would like to take also this opportunity to thank all of you for your prayers and financial support to me. To God be the glory!